# The Cabletow

Official Organ of the Grand Lodge of the Philippines

VOL. LVII NO. 8 AUGUST 1980




## THE CABLETOW INC.

MANUEL D. MANDAC
Chairman

SIMEON RENE LACSON
Vice-Chairman

RAYMOND E. WILMARTH
President & Gen. Mgr.

JUAN C. NABONG, JR.
Secretary

ROSENDO C. HERRERA
Treasurer

OSCAR L. FUNG
Business Manager

TRUSTEES:

RUDYARDO V. BUNDA

JOSE L. ARANETA

JOSE B. PEREZ

IRINEO P. GOCE

RUPERTO DEMONTEVERDE

JUAN C. NABONG

EDITORIAL STAFF:

RAYMOND E. WILMARTH
Editor

OSCAR L. FUNG
Managing Editor

IRINEO P. GOCE
REYNOLD S. FAJARDO
REYNATO S. PUNO
Associate Editors

SAMUEL P. FERNANDEZ
Columnist

## In This Issue

GRAND MASTER'S PAGE . . . 1
ANG PAGIGING MASON NI PADRE BUENAVENTURA 2
NAGING MASON KAYA SI KRISTO HESUS? . . . . . . . . . 4
ANG MASONERIYA SA PILIPINAS . . . . . . . . . . . . . . 8
KADAKILAAN . . . . . . . . . . . . . 16
MGA KURU-KURO UKOL SA PAMBANSANG WIKA . . 21

LARAWAN SA PABALAT – Ang bantayog sa alaala ng tatlong Paring Martir, sina Jose Burgos, Mariano Gomez at Jacinto Zamora, sa harapan ng lumang Kongreso ng Pilipinas.

PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES, INC.

PCPM Cert. of Reg No. SP - 48

Published monthly by the Cabletow, Inc. in the interest of the Grand Lodge of the Philippines. Office of Publication: Suite 12, Plaridel Temple Annex, 1440 San Marcelino, Manila 2801, Tel. 59-71-85. Re-entered as second class mail matter at the Manila Post Office on June 16, 1962.

Distributed to all Master Masons in this jurisdiction.

Subscription rates for other subscribers: P12.00 (Philippines) $3.50 (Overseas).

# *Grand Master's Page*



# MATIBAY NA PANANALIG

Sa pusikit na dilim ng kasaysayan ng kapatirang Masoneriya ay magugunita ang panawagan ng isang matipunong haligi nitong ating Orden, si Kap. Marcelo H. del Pilar, sa ". . . pagkakaroon ng pananalig, matibay na pananalig, sa muli nating pagbalikwas." Gumagabi at umaaraw sa ating kapatiran; kung minsan ay makulimlim, at ito'y hinahawi ng liwanag.

Nagdaan ang mga panahong ang Masoneriya ay dinudusta ng mga hindi nakauunawa sa ating banal na layunin. Subali't ang panahong yaon ay naliwanagan sa pagkakaroon ng ekumenismo, ang pagsasama ng iba't-ibang mga relihiyon sa pananalangin. Hindi nga ba't iyan ang isa sa mga layunin ng Masoneriya? Sa ating mga templo ay nagkakatipon ang magkakapatid na magkakaiba ang pamamaraan sa pananampalataya. Kaya't masasabi nating ang pinakaunang uri ng ekumenismo ay ang Masoneriya. Iyan ang isang tagumpay ng ating pananalig!

Datapuwa't ang ating kapatiran ay muling kinakaharap ng isang matinding pagsubok. Ang dating Plaridel Temple ay tumataghoy na idambana ito sa gintuang alaala ng mahabang panahong kaniyang ipinaglingkod sa ating kapatiran. At kaagapay nito ang sigaw at tawag sa mga kapatid na tumulong sa pagyari ng bagong templong may simula na; at kakapusan ng gugulin ang sagabal sa mga gawain.

Dito muling masusukat ang tibay ng pananalig ng ating kapatiran. Sa pagtatayo ng ating bagong templo, ang kailangan ay patuloy na pintig ng matibay na pananalig ng bawa't kapatid.

MANUEL D. MANDAC
Grand Master

# ANG PAGIGING MASON NI PADRE SEVERO BUENAVENTURA

(Ang artikulong ito ay sinalin mula sa pananaliksik ni VW Reynold S. Fajardo (122), DDGM sa Masonic District No. 9.) – Ed.

Ang kaunaunahang miting ng Mason sa Pilipinas ay ginawa umano sa loob ng isang katedral. Matapos nagdeklara ng digma ang Inglatierra laban sa Espanya nuong 1762, ang Maynila ay nilupig at sinakop nang dalawang taon ng isang pangkat ng hukbong Britanya. Napag-alaman noon na ang mga nanakop ay nagpairal ng isang lohiyang lagalag at ito'y nagmiting sa katedral sa loob ng *Walled City* ng Maynila. Walang dokumentong nagsasaad kung anong pangalan ng lohiyang nabanggit, bagaman si Kap. E. A. Perkins ay nagpalagay na iyon ay *Gibraltar* Lodge No. 128.

Ganoon pa man, may mga kalatas sa arkiba ng Seville mula sa Arsobispo ng Maynila, sinulat pagka-alis ng mga Briton nuong 1764, na lipos ng galit ang reklamong nilapastangan ang katedral ng mga *British* Masons, at iminungkahing ipasunog ang banal na gusali. Ito marahil ay ipinalagay na malaking kalugihan ng mga eklesyastikang pinuno sa Espanya, at waring nakatuklas din ng mas matipid na paraang malinisan at padalisayin ang nasabing gusali, sapagka't nanatiling nakatayo ang katedral.

Mula noon ay nagkaroon pa ng ibang kaayaayang mga pangyayari na namagitan sa Masoneriya at simbahang Katoliko. Ang pinakamatingkad na halimbawa marahil ay ang mga karanasan sa Masoneriya ni Padre Severo Buenaventura, hindi sa dahilang ang karanasan niya'y natatangi sapagka't maraming ibang mga pari na sumapi rin sa kapatiran, kungdi sa dahilang ang kaniyang pagkakasapi ay sagana sa kasulatan at lubos na naging mahalaga para sa ating kapatiran.

Bago siya namatay si Pa. Buenaventura ay kinapanayam ni Kap. Manuel Artigas y Cuerva. Ang iba pang mga kasamahan niya sa lohiya —Hen. Pantaleon Garcia, Juan Castañeda at Honorio Lanuza — ay nagsipagbunyag ng mga detalye hinggil sa gawaing Mason ni Pa. Buenaventura. Ang mga ito, pati ang mga rekord sa tatlong lohiyang

sinapian ni Pa. Buenaventura, ay nagbubuo ng isang malinaw na larawan ng buhay niya bilang Mason.

Ayon kay Pa. Buenaventura, siya'y sumapi sa kapatiran dahilan sa masamang pagtrato sa kanya ng Kura Paroko sa Imus (Cavite), at sa dahilan ding sinimpan sa kaniyang dibdib ang marubdob na damdaming handog sa kalayaan ng inang bayan. Nang minsang bumisita siya sa Maynila, siya'y nagpainisya kay Marangal na Guro Ambrocio Flores sa Lohiyang *Bathala* Blg. 157 ng Gran Oriente Espanyol. Ang pinili niyang pangalang-sagisag ay "Kuwitib."

Nang dakong huli si Flores ay nag-ukit ng pangalan sa kasaysayan ng Pilipinas sa pagiging unang* Filipino Grand Master, at Kalihim pandigma sa Gabinete ni Hen. Emilio Aguinaldo. Madaliang nakamit ni Pa. Buenaventura ang ika-2 at ika-3ng antas, subali't nagmadali rin siyang bumalik sa tungkulin bilang kasamang taga-ayos sa parokiya ng Imus.

Sa halip na talikdan ang Masoneriya, si Pa. Buenaventura ay nagpasyang magtatag ng samahan o triangulong Mason sa Imus. Sa tulong ni Kap. Jose Elices, kalihim ng tribuna, ay kaniyang itinatag ang Triangulo *Pilar* nuong Hunyo 24, 1893, at siya ang naging unang Pinuno o Guro. Ang Triangulo ay pinangalanan bilang parangal sa Santang Patrona ng Imus, Nuestra Senora del Pilar. Ganoon ding petsa nang sumunod na taon, ang Triangulo ay binuo bilang Lohiyang *Pilar,* sa isang solemneng seremonyang pinangunahan ni Grand Master Ambrocio Flores at iba pang kasapi sa *Grand Consejo Regional.* Maraming miyembro ng Lohiyang *Bathala,* kasama sina Javier Agramonte at Claro Aguilar, at mga kinatawan mula sa iba pang mga Lohiya, ang naging panauhin sa pagkakataong iyon.

Pinatunayan ni Pa. Buenaventura na siya'y isang matapat at masigasig na Mason. Di kukulangin sa labinglimang mga tanyag na mamamayan sa Imus, kabilang si Hen. Pantaleon Garcia, ang tinanggap sa kaniyang Lohiya. Ang iba pang nagsisapi sa *Pilar* ay sina Hen. Emilio Aguinaldo, Hen. Baldomero Aguinaldo, Ignacio Bella, Agustin Paredes, Antonio Espiritu, at Jose Tagle, ang "kapitan munisipal" ng Imus nang sumiklab ang digma.

Hindi nagluwat at ang malimit na pakikihalo ni Pa. Buenaventura sa mga lider ng komunidad ay umabot sa pandinig ni Pa. Jose Ma. Learte, ang Kura sa Imus. Inutusan nito si Buenaventura na sa kumbento tumira. Ang ganitong paghihigpit ay hindi nakapahina sa kasiglahan ni Buenaventura sa kapatiran, at ang ganoong pagsuway ay ipinaabot sa kaalaman ni Arsobispo Nozaleda sa Maynila.

Ang simbahang Katoliko noon ay nagkaroon na ng masasaklap na karanasan sa mga paring naging Mason o nakikisalamuha sa mga ito. Si Pa. Miguel Hidalgo, Kura ng Dolores, Mexico ay sumapi sa Masoneriya at nuong 1810 ay siyang namuno sa pag-aaklas ng Mexico laban sa Espanya. Dito rin sa bansa, sina Pa. Gomez, Burgos at Zamora kasama

(Sundan sa pah. 19)

*Sa kasaysayan ng Grand Lodge of the Philippines ay si Kap. at Pangulong Manuel L. Quezon ang kinilalang unang Grand Master na Pilipino.

# NAGING MASON KAYA SI KRISTO HESUS?

Ni Kap. I. P. Goce (185)

Minsan ay nalathala sa *Pitak Pilipino* ang artikulong may pamagat na "Sa Ehipto Kaya Nagmula ang Masoneriya?" Ang nasabing artikulo ay batay sa katotohanang marami sa mga kaalamang Geometrika at Matematika ay sa Ehipto minana ng ibang mga bansa.

Natutuhan natin sa ika-2ng antas ng ating kapatiran na Geometrika ang una at pinakadakila sa lahat nang mga agham, kung saan nakasalalay ang kabuuang balangkas ng Masoneriya. Hindi kaya ang mga tagilo o piramida sa Ehipto ay itinayo ng mga Mason?

Nang si Kristo Hesus ay isa pa lamang sanggol, sa kautusan ng Panginoon ay itinakas siya ng kaniyang mga magulang patungong Ehipto, upang ilayo sa kalupitan at pagpatay na ipinatupad ng Haring Herodes. Doon sila nanirahan sa bahay ng mag-asawang Elihu at Salome sa Zoan. Pagkaraan noon, si Hesus ay natagpuan nating isa nang baguntao na kapanayam ng mga pantas at paham sa Templo ng Jerusalem. Ang karamihan sa atin ay wala nang natunghayan hinggil sa buhay ni Kristo Hesus, hanggang nang siya ay nangangaral na as madla, matapos mabinyagan sa Ilog Jordan, at malapit nang ibayubay sa krus upang sumakop sa kasalanan ng sangkatauhan.

Isang manunulat, si Levi (Levi H. Dowling), ay nag-iwan sa atin ng isang napakahalagang pamana, *Ang Ebanghelyong Akwarian ni Hesus na Kristo.* Ito ay sinalin niya mula sa mga rekord ng Akasha, ang talaan sa kalawakan kung saan ang lahat na mga pag-iisip, salita at gawa ng bawa't nilalang ay nakatitik. Iniulat ni Levi ang kabuuan ng naging buhay ni Hesus bilang tao; ang mga pamumuhay niya sa India, Nepal, Tibet, Assyria, Gresya, at Ehipto.

Ayon kay Levi, sa Ehipto ay nakitang muli ni Hesus sina Elihu at Salome, kung saan siya ikinubli ng kaniyang mga magulang nang sanggol pa lamang. Ngayon ay isa nang ganap na lalaki, matipuno at naging malakas sa mga dahas ng iba't-ibang mga karanasan, isang ma-

ngangaral na naging tanyag at kinilala sa malalayong mga lupain. Maraming mga araw siyang namalagi sa Zoan, at mula roon ay nagtuloy sa Heliopolis (Lungsod ng Araw), kung saan nagsikap na matanggap sa templo ng lihim na kapatiran.

Ang kapulungan ng kapatiran ay nagpanayam, at si Hesus ay tumayo sa harap ng *hierophant;* sinagot niya ang lahat ng mga tanong ng buong linaw at buong tatag. Ang *hierophant* ay nagtanong: Rabboni ng rabbinate, bakit ka naparito? Ang dunong mo'y dunong ng mga diyos; bakit hanapin mo pa ang dunong sa bulawagan ng katauhan?

At si Hesus ay sumagot: Sa bawa't landas ng buhay kalupaan ako ay tatahak; sa lahat ng bulwagan ng dunong ako ay luloklok; ang mga kadakilaang sinapit ng alinmang tao, ang mga iyan ay aking sasapitin. Anumang pinagdusahan ng sinumang tao ay aking sasalungahin, upang mabatid ko ang mga hinagpis, ang mga kabiguan at ang matitinding mga tukso sa taong aking kapatid; at nang upang malaman ko kung paano sumaklolo sa mga nanganganib.

Pinanumpa si Hesus ng lihim na kapatiran. Sa unang pagsubok ay nagtagumpay siya sa tuksong magkunwari; at kanyang tinanggap ang unang antas — KATAPATAN. Sa ikalawang pagsubok ay tinalo ni Hesus ang tukso ng maling palagay at kataksilan; tinanggap niya ang antas ng KATARUNGAN.

Pagkaraan ng isang linggo ay humarap si Hesus sa ikatlong pagsubok. Ang tuksong diablo'y nakadamit pari; hinikayat siyang maging higit pa kaysa kaniyang mga guro. Apat-na-pung araw na naghamok ang dakila at ang abang damdamin, at nagwagi ang pananalig; ang ambisyon ay nalupig. Iginawad kay Hesus ang katibayan ng ikatlong antas kung saan nakatitik ang PANANALIG. Ang ikapat na antas, PAGKAAWANG-GAWA, ay sunod na iginawad kay Hesus pagkatapos niyang magwagi sa kasakimang panarili.

Sa isa namang halamanan ng templo ay apat-na-pung araw siyang namalagi, naglakad-lakad at kinapanayam ang kalikasan. At ang bantay ay tinalian ng mga tanikala ang kaniyang mga paa't kamay. Pagkatapos ay iniwan siya sa himpilan ng mga mababangis na hayop. Nguni't sinambit ni Hesus na walang kapangyarihan at lakas na maaaring gumapos sa malayang kaluluwa. Sa isang iglap ay nakalag ang kaniyang mga gapos na wari'y hiblang marurupok. Tinanggap ni Hesus ang ikalimang antas — KABAYANIHAN.

Matapos magtagumpay sa takot, si Hesus ay nagkaroon ng karapatang magtuloy sa Bulwagan ng Mga Hiwaga. Ang kasama niyang patnubay ay itinuloy at iniwan siya sa Silid ng Pagkakasundo. Sa kaipunan ng mga instrumento ng musika ay natawag ang kaniyang pansin sa isang alpa, na masusi niyang pinagmasdan. Kaginsa-ginsa'y isang napakagandang binibini ang lumapit sa alpa, kinalabit ang mga bagting nito at sinaliwan ng pagtugtog ang matatamis niyang awit sa Panginoon. Waring walang malay na may nagmamasid sa kanya, ang dalaga ay madaling lumisan pagkatapos ng pag-awit.

Nagulumihanan si Hesus; nabighani siya sa pag-awit ng dilag. Sa ilang araw na nagdaan ay walang inisip kungdi ang mang-aawit at ang

kaniyang tinig. Hinangad niyang makitang muli ang mahiwagang kagandahan. At pagkalipas ng ilan pang mga araw ang dalaga ay nagbalik. Ipinatong ang kamay nito sa ulo ni Hesus at nagsalita. Ang salat ng kaniyang mga kamay ay naglagos sa kaluluwa ni Hesus. Sa sandaling iyon ay waring nalimot ang mga tungkuling dapat niyang gampanan.

Kaunting salita lamang ang nabigkas ng dalaga, at siya'y umalis kaagad. Nabagbag ang puso ni Hesus. Ang lagablab ng pag-ibig ay nagapoy sa kaniyang katauhan, at hinarap ang pinakamasakit na pagsubok sa buong buhay niya. Hindi makakain at makatulog! Ang larawan ng dilag ay ayaw mapawi sa kaniyang pangingin; hinding-hindi mawala. Ang kalikasang laman ay sumisigaw na makipaglaguyo. Matagal na nakibaka ang damdamin sa idolong-anghel ng kaniyang puso. Subali't matibay ang pasya ni Hesus na magtagumpay sa pag-ibig sa laman.

Hindi nagtagal at ang dalaga'y muling nagbalik; iniabot ang mga kamay at inihandog ang kaniyang puso kay Hesus.

Si Hesus ay nagbadya: Nangingilig ako sa tuwa kung nasa harapan mo. Ang tinig mo'y biyaya sa uhaw kong kaluluwa. Ang katawan kong laman ay lilipad na kasama mo, at liligaya sa iyong pag-ibig. Subali't ang lahat sa daigdig ay sumisigaw at nananabik sa isang kakaibang uri ng pag-ibig, na tanging sadya ng aking pagparito. Iwanan mo na ako; nguni't magkikita tayong muli. Ang ating landas sa ibabaw ng lupa ay hindi magkakalayo.

Malungkot at lumuluhang umalis ang dalaga at naiwang mag-isa si Hesus. kagyat na nagsibatingaw ang mga kampana ng templo; nag-awitan ang mga koro, at ang groto ay nagliwanag.

Lumabas ang *hierophant* at nagsabi: Mabuhay! mapagwaging Logos, mabuhay! At iginawad kay Hesus ang katibayan ng ikanim na antas — BANAL NA PAG-IBIG.

Pinarangalan si Hesus sa isang bangkete. Pagkatapos ay tinanggap siyang nag-iisang estudyante ng *hierophant.* Natutuhan niya ang mga lihim at hiwaga ng Ehiptong lupain; ang mga himala ng buhay at kamatayan, at ang mga daigdig sa ibayo pa ng sirkulo ng araw. Nagtuloy naman siya sa Lungsod ng Mga Patay upang aralin ang matatandang paraan sa pagembalsamo upang hindi mabulok ang mga bangkay. At doon siya'y matagal na naglingkod.

May naghatid ng bangkay ng bugtong na anak na lalaki ng isang balo upang embalsamuhin. Ang ina'y nakasunod at tumatangis.

Sinabi ni Hesus: Butihing ina, pahid na ang luha mo; ang anak mo'y hindi mamamatay. Sa halip na tulungan mo ang iyong anak, lalong maghihirap siya kung ikaw ay tatangis. Maligaya siya kung ikaw ay masaya; magdurusa siya kung ikaw ay malungkot. Ilibing na ang iyong pighati, at ngumiti sa kabiguan; at ilaan ang sarili sa pagtulong na pahirin ang luha ng iyong mga kapuwa kapus-palad. Sa pagkatupad ng tungkulin ay kasunod ang tuwa at kaligayahan; at ang pagsasaya ay aliw sa alaala ng nangaunang pumanaw.

Ngumiti na ang inang luhaan; at ang kalungkutan niya'y inilibing sa tungkuling magpaligaya ng kapuwa.

May iba na namang dumating na

maglilibing. Usong ang bangkay ng isang ina, at iisa ang nagluluksang nakasunod, isang batang babae na naging ulila. Sa pagdatal sa libingan, ang bata'y nakakita ng isang ibon na may sugat. Iniwan ang bangkay ni ina at kinuha ang sugatang ibon upang alisin ang palasong nakatusok sa dibdib, at kinupkop ang abang hayop upang ito ay gumaling.

Nilapitan ni Hesus ang bata at nagtanong: Bakit mo iniwan ang bangkay ng iyong ina upang kunin ang ibong sugatan? At sumagot ang bata: Ang katawang ito na wala nang buhay ay hindi nangangailangan ng tulong ko, subali't makatutulong ako kung may buhay pang nalalabi. Iyan ang itinuro ni Inang sa akin.

Sa harapan ng bata si Hesus ay yumuko. Maraming mga araw, buwan at taon na hinanap kong tuklasin ang pinakadakilang katotohanang maaaring matutuhan ng tao sa ibabaw ng lupa; at narito ang isang sanggol, sariwa pa sa pagkasilang, ay sinambit nang lahat ang pinakahahanap ko sa iilang kataga. Idinantay ni Hesus ang kanyang kamay sa ulo ng bata, at nagsabi: Aking natitiyak na ang mga pagbasbas ng Amang-Diyos ay sasaiyo magpakailanman.

Matapos naglingkod si Hesus sa Lungsod ng Mga Patay ay dumoon siya sa Silid ng Karangalan. Kulay lila ang lahat sa kapaligiran. Dinamitan siya ng bata na may kulay bioletang kumikinang. Siya ay nakatayo sa harapan ng *hierophant,* at napapaligiran ng lahat na nakatayong mga kapatid. Tumayo ang *hierophant* at nagsalita:

Ito'y isang maharlikang araw para sa kalahatang Israel. Sa ikararangal ng kanilang piling anak ay ipagdiwang natin ang dakilang Kapistahan ng Paskwa.

At sinabi pa rin kay Hesus: Kapatid, lalaki, pinakamahusay sa lahat ng tao; sa lahat na pagsubok ng templo ikaw ay nagwagi. Sa iyong noo ay ipuputong ko ang koronang ito, at sa Pinakadakilang Lohiya ng kalangitan at ng kalupaan ay ikaw ANG KRISTO.

Ito ang iyong dakilang Pasko. Hindi na ikaw baguhang kasapi, kungdi isa nang guro ang pag-iisip. At ngayon, ang tao'y wala nang iba pang magagawa, datapuwa't ang Diyos na ang magsasalita, at pagtitibayin niya ang iyong mga titulo at antas.

Hayo na't magpatuloy sa iyong landas, sapagka't ituturo mo ang ebanghelyo ng kabutihang-loob sa katauhan, at kapayapaan sa daigdig; bubuksan mo ang pinto ng mga bilangguan at palalayain ang mga bihag.

At samantalang nagsasalita pa ang *hierophant* ay nagsitugtog ang mga kampana ng templo. Isang busilak sa puting kalapati ang bumaba mula sa kaitaasan at dumapo sa ulo ni Hesus.

At ang isang tinig na yumanig sa buong templo ay nagsabi: ITO ANG KRISTO; at ang lahat ng mga bagay na may buhay ay nagsisagot, SIYA NAWA!

Naging Mason nga kaya si Hesus?

# ANG MASONERIYA SA PILIPINAS

*(Kalayaan, Pagkapantay-pantay, Kapatiran — tatlong mga katagang* tanging palatandaan ng Masoneriya saan mang sulok ng daigdig. At ang layunin ay walang iba kungdi ang pagiging magkakapatid ng lahat na taong kinapal, bilang mga anak ng iisang Lumikha.)

*Paano at Bakit Lumitaw ang Masoneriya*

Sinabi ni Rizal: Walang mang-aalipin habang walang nagpapa-alipin; at walang mambubusabos habang walang nagpapabusabos.

Sa kasaysayan ng sangkatauhan ay kasapul ang pagkakaroon ng mga nagpapaalipin at nang-aalipin, ng mga nambubusabos at nagpapabusabos. Ang ganitong relasyon ng tao sa kapuwa tao ay sinisikap lunasan ng kapatirang Masoneriya, sa pamamagitan ng pagtuturo, hindi lamang ng mga tungkulin ng bawa't isa sa kaniyang Lumikha, kungdi lalo't higit ng tungkulin sa kaniyang kapuwa.

Ang nagpapaalipin o nagpapabusabos, at ang nang-aalipin at nambubusabos ay kapuwa kaaway ng Masoneriya; ang una ay walang muwang, at ang huli'y naninikis. Dahil sa di kanaisnais na ugnayang ito ng mga tao, ang Masoneriya ay lumitaw. Walang ulat kung kailan talaga nagsimula ang Masoneriya. Subali't ang mga manunulat ng kasaysayan ay nagsasabing ang kapatirang ito ay umiiral na nuon pa mang ika-10 siglo, nang itayo ang templo ni Haring Solomon.

Ang malayang mga Mason umano ay nagmula sa samahan ng manlalakbay, na malayang nakapaglipat-bansa upang magtayo ng mga templo at katedral sa dakong Europa. Nang humina ang ganitong hanap-buhay nuong ika-17 siglo, ang ibang propersyon ay tinanggap na rin bilang kasapi, at doon nagmula ang taguring "Malaya at Tinanggap na Mga Mason."

*Simula ng Masoneriya sa Pilipinas*

Ang Masoneriya umano ay sumapit sa Britanya nang ika-674 A.D. Nang taong 1717 ay may apat na

mga lohiya sa London na nagsapi-sapi at nagtatag ng isang *Grand Lodge,* o Gran Lohiya. Nuon nagsimula ang mabilis na paglaganap ng Masoneriya sa daigdig.

May palagay tayo na ang unang mga Mason sa Pilipinas ay mga Briton na kabilang sa pulutong ng mga hukbong Britanya, nang sakupin nila ang Maynila nuong 1762-1764. Nang taong 1856, isang opisyal sa hukbong-dagat ng Espanya, si Admiral Malcampo, ang umano ay nagtatag ng isang lohiya — La Primera Luz Filipinas (Ang Unang Liwanag Pilipino), sa Cavite. Ang lohiyang iyon ay para sa mga Kastila lamang. Ang mga Aleman at mga Briton dito sa Maynila ay nagsipagtatag na rin ng kanilang lohiya, at dito nakasapi ang mga Pilipino.

*Unang Pilipinong Naging Mason*

Ang pinakaunang Pilipino na naging Mason marahil ay si Jacobo Zobel de Zangroniz, isang liping Aleman. Nuong 1869, siya ang kalihim ng unang lohiyang Scottish Rite sa Maynila. Nang sumiklab ang rebolusyon sa bansa ay binintangan si Zobel bilang kasabuwat, kabilang ng iba pang tanyag na mga mamamayan.

May iba pang mga lohiyang itinatag ng mga Kastila na mapagtangkilik sa kapakanan ng mga Pilipinong naaapi sa ilalim ng gobyerno at ng mga paninikil ng simbahan, kung saan ang ilang mga Pilipino ay tinanggap na kasapi; subali't ang mga lohiyang iyon ay hindi nagpatuloy.

Hindi nagtagumpay ang pagpapalaganap ng mga aral at alituntunin ng Masoneriya dito sa bansa, sapagka't nang panahong iyon ay puspusang hinadlangan ng magkasaping puwersa ng pamahalaan at ng simbahang Romano Katoliko ang pagkalat ng Masoneriya. Mahigpit na kinatakutan ng magkasaping Simbahan-at-Estado ang paglaganap ng Masoneriya. Sa isang Dekretong Royal ni Haring Ferdinand VI ng Espanya (2 Hulyo 1751) ay inilahad ang mga alituntunin at pamamaraang dapat sundin ng mga Hukom sa paglitis at pagpaparusa sa mga nahuling Mason.

*Ibinawal ang Masoneriya sa Pilipinas*

Ang unang pagkapagbawal ng Masoneriya sa Pilipinas ay nakatala sa Patentong Liham Royal mula sa Cadiz, may petsang Enero 19, 1812 na pinalabas ng Kapulungang Rehensiya ng Espanya. Sa isa pang Dekretong Royal ni Haring Ferdinand VII, nang Agosto 15, 1824 ay lalo pang hinigpitan ang pagbabawal sa Masoneriya, sapagka't iyon daw ang isa sa pangunahing mga sanhi ng rebolusyon sa Espanya at sa Amerika.

Ang malungkot na pangyayari sa Cavite nuong 1872 — na kinasangkutan ng tatlong paring martir: Burgos, Gomez at Zamora — ay nagparubdob sa mahigpit na hinala sa mga Pilipinong Mason. Silang lahat halos ay ipinadakip at ipinatapon sa malalayong dako ng daigdig. Ang mga lohiya rito ay nagluksa. Waring nagtagumpay ang pang-aapi at paninikil, subali't ang Kapatiran, dakila at makatao kahi't kailan, ay hindi nagpabayang magdalamhati ang napatapong mga kapatid. Ang mga kapatid na Briton at Aleman ay nagsitulong.

Iyon marahil ay ikinapahiya ng mga Kastilang Mason sa bansa. Sila man ay salungat din sa pamamalakad ng mga prayle; salungat sa mga pang-aapi at pambubusabos. Hangad nila ang kapakanan ng mga Pilipino. Kaya't ipinasya nilang kasangkapanin ang Masoneriya sa bansa upang sagipin ang mga mamamayan laban sa paninikil ng mga prayle. Subali't nagpatuloy rin ang pananaig ng Simbahan-at-Estado laban sa Kapatiran. Nang dakong huli, sa pagsaksi ng madla sa malagim na pag-usig kay Zobel, paraan sa maling mga paratang, maraming mga Pilipino ang nagbitiw sa pagka-Mason. Gayundin namang sinikap ng mga Kastilang Mason na matiwalag ang mga Pilipino bilang kasapi.

*Sa Ibayo Natanim ang Masoneriyang Pilipino*

Masasabing ang binhi ng Masoneriyang Pilipino ay sa ibayong mga lupain ipinunla, at inaruga upang manalaya. Ang natanyag nating mga kalahing propagandista: sina Basa, Regidor, Lopez-Jaena, Del Pilar, Serrano-Laktaw, Pardo de Tavera, Juan at Antonio Luna, at Rizal ay naging kasapi ng Masoneriya samantalang sila ay nasa ibang bansa. Ayon sa mga tala, ang pangunahing bayaning si Rizal ay unang tinanggap na kasapi sa *Lohiyang Acacia* sa Madrid, at itinaas siyang Gurong Mason sa *La Solidaridad No. 53* nuong ika-5 ng Nobyembre 1890. Utang din natin sa naunang mga kapatid mula sa iba't-ibang lahi ang paghasik ng binhi, ng mga simulain at mithiin ng Masoneriya sa ating bansa.

Ang unang lohiyang Pilipino — *Logia Revolucion — ay* itinatag ni Graciano Lopez-Jaena sa Barcelona. Ginawaran iyon ng Karta sa ilalim ng Grande Oriente Español nuong Abril 1, 1889. Si Lopez-Jaena ang Marangal na Guro, Mariano Ponce ang Kalihim, at si Marcelo H. del Pilar ay isa sa mga kasapi. Sa mga sumapi roon ay kabilang sina Dr. Bautista, Dr. Apacible, at Alejandrino. Ang lohiyang *La Solidaridad,* sunod na itinatag ng mga Pilipino sa Madrid, ay pinagkalooban din ng Karta sa ilalim ng Grande Oriente Español nuong Mayo 15, 1890.

*Balik-Bayan ng Masoneriya sa Pilipinas*

Ang Grande Oriente Español, sa pamumuno ni Gran Maestre Miguel Morayta, ay napakalaki ang naitulong sa mga Pilipino tungo sa kalayaan at kapakanan ng mga mamamayan. Sa preyambulo ng Konstitusyon ng Grandeng ito ay nakasaad: "Sa Pilipinas, kung saan ang klerikalismo ay siyang kumokontrol ng poder at nananakot sa mga naninirahan, dapat tayong magorganisa ng isang Kapulungang Masoneriya upang mapalaya ang mga tao roon sa mapanikil na pagyurak sa kanilang mga karapatan. Isang lupon ng mga Mason na magiging pangunahing taliba ng sibilisasyon at kaunlaran, nakahandang makihamok sa malupit na multo sa madilim na kasaysayan, at inaagapayan sa paglakad ng kawalang-muwang, panatismo at superstisyon."

Batay sa ganoong paninindigan ng nasabing Grande, si Del Pilar ay hindi nag-atubiling humiling kay GM Morayta ng kapahintulutan, at agad namang ipinagkaloob, na mag-organisa ng Masoneriyang Pilipino dito sa bansa. Sina Antonio Luna at Pedro Serrano-Laktaw ang itina-



BANTAYOG SA TATLONG PARING MARTIR – SINA PADRE JOSE BURGOS, MARIANO GOMEZ AT JACINTO ZAMORA.

laga nuong 1890 na magtatag ng Masoneriyang Pilipino. Si Luna, na naghanda ng mga plano, ay hindi nakasama kung kaya si Serrano-Laktaw ay mag-isang umuwi upang magorganisa ng lohiya sa Pilipinas.

*Inang-Lohiyang Nilad, Natatag*

Nakatagpo ni Serrano si Moises Salvador, naging Mason sa Madrid at Jose A. Ramos, naging Mason sa London; at itinayo nila ang ina ng mga lohiyang Pilipino, ang *Lohiyang Nilad* na umiral simulang Enero 6, 1891. Si Ramos ang naging Marangal na Guro at si Serrano ang Kalihim. Ang iba pang katulong sa pagtatag ng *Nilad* ay sina Moises Salvador, Unang Bantay; Lorenzo Tuason, Ikalawang Bantay; Timoteo Paez, Orador; Tomas Tuason at Jose Kaknio, mga kasapi. Sumunod na natatag ang *Lohiyang Balagtas,* sa Sampaloc, at dito naging kasapi ang ilan sa mga mabubunying kalahi natin, kabilang sina Apolinario Mabini at Doroteo Cortes, na namuno sa mga demonstrasyon laban sa mga prayle nuong 1888. Siyam pang ibang mga lohiya ang natatag dito sa Maynila, sa Pampanga at sa Nueva Ecija.

*Mga Babae sa Masoneriya*

Sa naging katanyagan ng Masoneriya sa bansa ay marami sa ating mga kababaihan ang naghangad na makisalamuha sa Kapatiran. Dahil dito ay nagkaroon ng sangay pang-Mason para sa mga babae, o tina-

wag na *Logia de Adopcion,* o Lohiya ng Pagkupkop. Ang unang naging kasapi rito ay ang napatanyag na si Rosario Villaruel. Tangi sa napakaganda niya, si Rosario ay naging masigasig din sa mga gawaing kaugnay ng Masoneriya, kagaya ng mga piging at bangkete. Inaresto siya, pinaratangang nagpapalaganap ng mga simulaing rebolusyonario, at pinahirapan at hinalay.

Ang iba pang namuno sa Lohiya ng Pagkupkop ay sina Purificacion Leyva, Valeriana Legaspi, Trinidad Rizal, Romualda Lanuza, Sixta Fajardo at Josefa Rizal.

*Pagtugaygay at Pagpapahirap sa Mga Mason*

Sa isang liham na may petsa Julyo 14, 1892 padala ng isang Mason kay M. H. del Pilar sa Madrid ay nakalarawan ang sitwasyon sa bansa nang panahong iyon. Tunghayan natin ang liham:

"Giliw na Kapatid,

"Lumiham ako sa iyo nuong ika-7 ng isang maikling kalatas at isinalaysay ang nangyayari dito ngayon. Hindi ko magawang higit pa ang pagpapaliwanag sapagka't kaming lahat dito ay minamatyagan at waring napaliligiran. May nagsabi na si R. (Rizal) ay nasa Puwerto pa, nguni't wala talagang makabatid na tiyakan. May pangamba na baka siya ay sumakabilang-buhay na. Tayo'y umasa na hindi tutoo iyon! Nang dalhin siya sa Puwerto nuong ika-6 ay nakasulat pa siya, at nagsabing mabuti ang kaniyang kalagayan at nangakong susulat uli kinabukasan; nguni't hanggang ngayon ay wala pang narinig ukol sa kaniya. Ni ang pamilya niya o kahi't sino ay di pahintulutang dumalaw upang madalhan man lamang siya ng malinis na damit.

"Ang Gobernardor Sibil ay kasangkapan ng mga prayle at ginagawa ang anumang kanilang sabihin.

"Isang lalake na may dalang armas ang inaresto sa isang bayan sa Kabite, at isiniwalat niya na ang pari sa Amadeo ay nagtustos ng mga baril at bala sa mga tulisan, at maging sa mga kwadrilyeros (kasapi ng Gwardya Sibil), at inuudyukan ang mga ito na manlusob at lumikha ng mga kaguluhan. Pakisuyong ikalat mo ang balitang ito upang ang bawa't isa riyan ay makabatid ng kung anong talaga ang nagaganap.

"Kami ay patuloy pa ring minamanmanan, maging sa mga piyer. Si Kap. na Sixto Lopez, na kilalang-kilala mo, ay inaresto na.

"Ang lagda ng mensahe ay Nilad, sapagka't ito ang ngalan ng aming Lohiya at tanyag sa mga kasapi at sa mga nasa Madrid.

"Ang sinundan kong liham ay may lagdang Montilla. Ngayon ay ginagamit ko ang pangalang Camilo Gonzalvez. Maipagkakatiwala mo ang iyong tugon sa Lohiya rito sa kapitan na may taglay rin ng liham na ito. Tinanggap niya ang katapusang antas sa Lohiyang ito at alam niya kung kanino ibibigay ang kasagutan. Makakausap mo siya

ng buong laya, sapagka't mabuti siyang kapatid.

"Umaasa akong sasapitin ka nito sa mabuting kalagayan. Kalakip ang marubdob kong pangungumusta sa lahat ng mga kapatid, Ako rin,

Sumasaiyong matapat,

"Dating Damaso Rodriguez
"(Lagda) Camilo Gonzalvez"

Nang marating na Setyembre 22 (1892) ay pormal na ipinabatid ng *Lohiyang Nilad* sa Grande Español ang mga pagpapahirap na tinitiis ng mga lohiya. Sa liham ni Moises Salvador kay Del Pilar nuong Nobyembre 14 ay nakasaad ang ganito: "Hinggil sa Masoneriya, walang Lohiyang gumaganap ng gawain ngayon, sapagka't napakahigpit ang pagmamatyag sa amin . . . " Natapos ang taong iyon sa pagpapatapon kay Rizal sa Dapitan, kasabay ang dekreto ni Despujols na nagbawal ng anumang sinulat laban sa mga prayle, at ito'y sinundan ng mga paghahalughog sa tahanan ng mga kilalang Mason, pagkatakot at sindak sa mga Templo ng ating Kapatiran, na karaniwang wala nang tao.

*Del Pilar, Lider ng Masoneriyang Pilipino*

Sa likod ng mga kalunuslunos na balita, sa gitna ng lungkot at lagim, ay dinggin natin ang pambuhayloob na tinig ni Plaridel:

"Datapwa't sa dahilang dapat nating tanggapin ang mga bagay na sumasapit sa atin ng buong kagitingan, ang pinakamabuting bagay ngayon sa palagay ko ay ang pagkakaroon ng pananalig, sa muli nating pagbalikwas. Ang pananalig ay pumapawi sa mga balakid na inihadlang ng mga bundok at karagatan sa mga tao ng daigdig . . . "

Dito naman sa bansa ay walangsalig na pinag-ugnay ng pamahalaan ang Masoneriya at ang himagsikan. Ang pangyayaring ito ay batay sa katotohanang ang Katipunan, na inorganisa ng mga lider na mga Mason din at sa pamamaraang Masoneriya, ay isang matibay na lihim at hindi kaagad nabatid ng mga maykapangyarihan. Dahil dito, ang anumang kilusan na may kaugnayan sa kalayaan at karapatan ng mga mamamayan ay kaagad ibinibintang sa Masoneriya. Ang Masoneriya. lamang ang kilala ng pamahalaan, at sa likod ng Masoneriya nangubli ang Katipunan, kung kaya idineklara ng mga maykapangyarihan ang Masoneriya bilang kaaway ng estado at ng batas.

*Paghahari ng Takot*

Ang puspusang paghahari ng takot sa mga Pilipinong Mason ay naganap nuong 1895-1897. Ang kampanya laban sa Masoneriya ay lubusang sinuportahan ng mga korporasyong panrelihiyon. Sa liham ni Mabini kay Del Pilar nang Enero 22, 1895 ay isinaad niyang "ang gobyerno ay nagutos na ng pagaresto sa lahat na mga Mason na dumadalo sa miting . . . at ang mga Lohiya ay muli na namang nagsuspindi ng kanilang mga gawain."

Ang *Lohiyang Modestia* ay siyang tanging may lakas ng loob na magmiting. At ang komunikasyong ipinahatid nito sa Grande Oriente Español nuong Pebrero 20 ay nagsaad ng ganito: "Hindi lamang ang

lalong malupit na pagpapahirap ang itinuturo ng aming walang-hanggang kaaway, kungdi ang sukdulan naming pagkalipol sa anupamang kaparaanang magagawa . . . Ang mga Mason dini ay pinagdurusa sa walang dahilang pagpapatapon at kinakaladkad ng buong dahas mula sa kanilang mga tahanan, at ipinadadala sa malalagim at malalayong pook. Anupa't ang tahanan, ang pinakabanal na santuwaryo ng bawa't kinapal, ay wala nang kabuluhan sa bansang ito kung magkataon na iyon ay tahanan ng isang Mason o ng kaniyang kaanak . . . "

Sa harap ng mga pananakot at parusa sa sinumang mabintangang kasapi sa Masoneriya, ang *Lohiyang Modestia* lamang ang tanging nakapagpatuloy sa mga gawain nito hanggang wakas. Sa dakong huli ay wala nang mga kasaping makadalo sa miting sapagka't silang lahat ay nabilanggo, at pinapahirapan.

*Matinding Pahirap sa Masoneriya*

Nuong Agusto 1896, ang Masoneriyang Pilipino ay dumanas ng matinding paghihirap, halos nagagaw buhay na. Nadiskubre ng pamahalaan ang Katipunan nang ika-19 ng buwang iyon. At dahilan sa pamamaraang Mason ang ginamit ng Katipunan, kung kaya kinilala ng maykapangyarihan at ng Simbahan na ang Katipunan at Masoneriya ay iisa. Dahil dito ay lalong hinigpitan at inaresto ang sinumang mapaghinalaang kasapi sa Masoneriya, at araw-araw halos ay may ipinatatapon na mga Mason.

Ika-21 ng Agosto nang si Gobernador Heneral Blanco ay tumelegrama sa Ministro ng mga Kolonya sa Madrid ng ganito: *Nadiskubre ang isang malawakang organisasyon ng lihim na mga kalipunan ng may mga hilig na paglaban sa bansa. Dalawampu't-dalawang katao ang inaresto, kabilang nila ang Grande Oriente (? ) ng Pilipinas at iba pang tanyag na mga tao, napakarami at kapansin-pansing mga dokumento at salitang-hudyat ng mga konspirador ang natagpuan sa kanila. Mga hakbang ay gagawin sa tigas ng bisig at isang espesyal na hukom ang itatalaga para sa madaliang paglilitis. Sisikapin kong ipabatid sa Inyong Kamahalan ang takbo ng mga pangyayari . . . "*

Ang telegramang ito ay binasa sa Batasang-Bansa ng Espanya at lumikha roon ng malaking alingawngaw. Isang telegrama rin ang ipinadala ng pamahalaan sa mga gobernador ng lalawigan at mahigpit na iniutos na sila'y mag-ingat sa lihim na mga kalipunan ng may kilos at kaugaliang Mason, subaybayan ng puspusan ang mga ito at kung may makitang kahawig nito ang kilos ay ipagbigay-alam kaagad.

Hanggang nang makipagdigma ang mga Pilipino laban sa pamahalaang Kastila, ang mga gawain ng Masoneriya ay walang kawastuan. Ang mga naiwanang kasapi na nakaligtas sa digmaan ay nagsikap bumuong muli ng Kapisanan, subali't isang bagong pakikidigma naman— laban sa nanakop na mga Amerikano — ang sumiklab at kinaharap ng mga pinuno natin nuong Pebrero 1899.

*Pagbagong-Buhay ng Masoneriya*

Ang *Lohiyang Modestia* ay unang nireorganisa pagkatapos ng paki-

kidigma ng Pilipinas laban sa Espanya. Ang mga kawal Amerikanong nagsidating sa Pilipinas ay nagtatag din ng kanilang mga lohiya, sa ilalim ng kapangyarihan ng *Grand Lodge of California.*

Samantalang patuloy ang pakikidigma ng mga Pilipino laban sa nanakop na mga Amerikano ay napagkasunduan sa unang miting ng *Modestia* ang pagpapadala ng isang mensahe sa mga lohiya sa Amerika, na nagsaad ng ". . . malungkot na nagdadalamhati sa kalunus-lunos na mga pangyayaring nasaksihan ng aming kapus-palad na bansa at ng mga dugong dumaranak sa aming mga kaparangan, sumasamo kami sa inyo na sana'y gamitin ninyo ang inyong impluwensiyang moral at materyal sa Pamahalaan ng Washington upang bigyang wakas ang kahambal-hambal na digmaang ito."

Sa digmaang nabanggit ay batid nating nalupig ang ating mga ninuno, kaya't sumailalim tayong muli ng isang bagong mananakop. At sa ilalim ng Amerika, kung bagaman sinikap ng nakararaming mga Pilipinong Mason na magtatag ng isang "Gran Lohiya ng Pilipinas," bilang supling ng Grande Oriente Español, nanaig din ay ang ginawa ng nanakop na mga Amerikano na magtatag ng *Grand Lodge of the Philippine Islands,* bilang supling naman ng *Grand Lodge of California.* Sanhi sa ganitong pangyayari, umiral noon ang dalawang pangkat ng mga Mason sa Pilipinas, na hindi nagkikilanlanan. May mga Pilipinong Mason na nagpasyang makiisa sa mga Amerikano. Ang iba namang hindi kumilala sa *Grand Lodge of the Philippine Islands* ay nanatiling tiwalag at kumilala sa kanilang mga lohiya bilang supling ng Grande Oriente Español.

*Ang Grand Lodge of the Philippines*

Ang *Grand Lodge of the Philippine Islands* ay unang binuo ng *Manila Lodge No. 342, Cavite Lodge No. 350* at *Corregidor Lodge No. 386.* Ang mga lohiyang nasa ilalim ng Grande Oriente Español — siyam na lahat — ay naunahan sa pagbuo ng Gran Lohiya, mula sa umiiral nang *Grand Regional Lodge of the Philippines* na nasa ilalim ng Grande Oriente. Matagal na nanatiling ang dalawang mga Gran Lohiya ay hindi kumilala at pumansin sa isa't-isa.

Sa katagalan ay nagkasundo ring magsanib ang dalawa. Ang mga lohiyang nasa ilalim ng *Grand Lodge of the Philippine Islands* ay 11, anim ang may Karta at ang lima ay may Kapahintulutan lamang; samantalang ang *Grand Regional* ay nakasasakop at kinikilala ng 29 na mga lohiyang nagkalat sa buong Kapuluan. Ang *Grand Regional* ay tunay na kumakatawan sa Masoneriyang Pilipino, subali't wala itong lubos na kapangyarihan o hurisdiksyon sa teritoryo ng Kapuluan. Nasa ilalim ito ng kapangyarihan ng Grande Oriente Español.

Ika-19 ng Disyembre 1912 nang pormal na matatag ang *Grand Lodge of the Philippine Islands.* Ika-13 ng Pebrero 1917 nang natuluyang nagsanib ito at ang *Grand Regional Lodge.* At ang kaunaunahang lohiyang natatag sa lubos na pagkakapatiran ng mga Pilipino at Amerikanong Mason ay ang *Bagumbayan*

(Sundan sa pah. 17)

# KADAKILAAN

Ni WB Bienvenido G. Ongkiko
(174)

Ang kadakilaan ng isang tao ay nakikita hindi lamang sa salita, kungdi pati na rin sa gawa.

Ang karamihan sa atin ay kaagad naniniwala at madaling mabuyo sa magandang pangungusap ng kapuwa. Sa ganiyang pagkabuyo, ang kahi't sino ay maaaring mabiktima ng masamang tangka. Hindi naman lahat ng matamis mangusap at mahusay magsalita ay may masamang nasa. Ang bagay na iyan ay batay na rin sa konsiyensiya at paguugali ng taong nagsasalita.

Subali't sa mahusay magsalita ay madali ring mahalata kung ang sinasabi ay matutupad. At madali rin nating makilala ang tao na minsan-minsan lamang magsalita, nguni't marami naman ang nagagawa.

Karamihan sa ating mga Mason ay hindi masalita, hindi magarbo, wika nga, nguni't husto naman sa gawa. Ang nakawiwili sa samahang ito ay nagkaka-angkop ang mga salita at gawa ng karamihan sa ating mga kasapi.

Datapuwa't sa loob ng ating mga lohiya ay mapapansin natin na mayroon pa ring mahilig magdiskurso, nguni't ang sinasabi nila ay hindi naman nakatutulong sa mga gawain ng ating kapatiran. Hindi marahil dinidibdib ang sinasabi, basta makapagsalita lamang kahi't na walang katuturan ang binibigkas. Salamat na lamang at napakadalang ang ganiyang mga miyembro sa ating kapatiran.

Ang kahi't sino sa atin ay may kilalang tao na sa tamis ng dila ay waring makalulubid ng buhangin. At ang lubid niya marahil, sa takdang panahon ay magiging pangbigti naman sa sarili niyang leeg.

Sa mga nagiging punong-guro ng ating mga lohiya ay mapapansin natin na nagkakaroon paminsan-minsan ng hindi nakatutupad sa tungkuling dapat niyang gampanan. Waring karangalan lamang ang hangad, at hindi ang matapat na paglilingkod. Yaong mga nakakatupad lamang sa mga alituntunin ng ating samahan ang dapat nating dakilain, at hindi na sana maging pagpapaunlak lamang sa isang naturang kapatid. Sa ganitong paraan ay mapa-

patunayang ang ating samahan ay tunay na kumikilala sa katapatan ng ating kapatid sa paggawa, at maging sa salita.

Sa paniniwalang tayong lahat ay anak ng Diyos, ay hindi natin dapat pagkaitan ng tulong ang ating kapuwa na sadyang nangangailangan ng ating tulong. Ang panalangin umano ng isang tao upang tulungan ng kapuwa ay abot sa kalangitan, kung kaya hindi ikasisiya ng ating Panginoon kung tayo ay magkait.

Napakadakila ang isang taong mapagmahal sa kapuwa, handang dumamay sa dalamhati ng iba at sumaklolo sa kahirapan ng taong dukha. At hindi makadadamay sa salita lamang; ang pagdamay ay dapat isagawa. Dakila rin ang alinmang tao na malinis ang budhi at walang pag-iimbot. Panahon lamang ang magpapatunay kung sinu-sino ang mga taong ito.

Napakahalaga ang lubos na kalinisan ng budhi upang ang ating pakikitungo sa kapuwa ay maging karapat-dapat at kanais-nais. May kasabihan tayo na ang Diyos ay hindi natutulog. Sa ganiyang dahilan lamang ay dapat tayong magpaka-ingat sa ating salita, at sa gawa. Maaaring mapapaniwala natin ang ilang tao sa ilang sandali, nguni't hindi natin marahil mapapaniwala ang lahat ng tao sa lahat nang oras at sa habang panahon.

Kung malinis ang ating hangarin, anuman ang mangyari ay wala na tayong pananagutan sa Diyos, at sa tao. Nguni't kung ang ating mga hangarin ay may bahid na kasakiman at pag-iimbot, kung tayo man ay mapagbigyan sa simula, sa dakong huli naman ay lalabas din ang malinaw na katotohanan. Masakit man ang sapitin pagkatapos, kung ang ginawa ay kinapapalooban ng kasakiman o pag-iimbot, at buo rin sa ating kaalaman at kamalayan, ay wala na tayong masisisi kungdi ang sarili na rin lamang.

Matapat at banal na hangarin lamang ang timbulan ng lubos na kadakilaan.

* * *

## ...SA PILIPINAS mula p. 9

*Blg. 4.* Mula noon, ang mga pangyayari sa Kapatiran ay buhay pa at sariwa sa alaala ng mga nakatatandang kasapi ng Masoneriya sa ating bansa.

*Sa Ilalim ng Bagong Lipunan*

Nang nakaraang kalahating siglo ay waring hindi naging laganap ang Masoneriya sa Pilipinas. Nagpatuloy ang pataksil na kampanya laban dito ng mga dating katunggali sa lipunan, at maging ang paniniwala ng mga kabataan ay laging nilalason laban sa Kapatiran. Ang mga naunang pinuno ng *Grand Lodge* ay waring nagwalang-bahala na lamang sa pataksil na upasala ng mga lihim na kaaway.

Bago tuluyang naging malaya tayo sa pulitikal na pananakop ng Amerika ay iilan lamang sa matataas na mga opisyal ng pamahalaan ang kasapi sa Masoneriya. Kabilang dito sina Jose Abad Santos, Manuel L. Quezon, Camilo Osias at Conrado Benitez. Si Abad Santos ay pinatay ng mga Hapones nuong Mayo 2, 1942 sa Malabang, Lanao. Samantala, ang mga lohiya naman ay nangasalanta nang ang bansa ay masakop ng Hapon.

Pagkatapos ng Ika-2 Digmaang Pandaigdig ay iilan na lamang sa

mga lider ng bansa ang kabilang sa Kapatiran. At ngayon, sa pag-iral ng batas militar ay nagsisilbi ang Kapatiran bilang timbulan ng panariling disiplina sa mga kasapi. Sa mula't-mula pa, ang Masoneriya ay isang huwaran ng napakabisa at puspusang pagdisiplina sa sarili. Ang kakulangan sa ating mga katangiang pagkatao bilang mamamayan sa isang bansang gumugulapay sa naging marahas na bunga ng mga nakaraang digma, ay ang pambansang disiplina.

Sa nakaraang ilang taon ay unti-unting nagtagumpay na rin ang ating Orden, sa nuon pa man ay naging mithiin ng ating mga ninuno, na walang tanging layunin kungdi ang magpatibay ng pagkakaisa bilang bansa at lahi sa pamamagitan ng isang pambansang disiplina, at pagkakaroon ng isang pambansang pag-uugali, na sadyang angkop sa mga adhikain at layunin ng ating mga mamamayan.

*Muling Pagbalikwas ng Kapatiran*

Si Marcelo H. del Pilar, ang kinilalang ama ng Masoneriyang Pilipino, sa dilim ng kasaysayan ng Kapatiran ay siyang nagpalakas-loob sa pagtawag ng ". . . pagkakaroon ng pananalig, matibay na pananalig, sa muli nating pagbalikwas." Sa likod ng mahigpit at puspusang pagsiil at pagsupil sa Masoneriya ay unti-unting bumabalikwas ito, bunga ng matibay na pananalig ng mga bagong kasapi. Sa pagbalikwas na ito ay maraming mga batang-bata pa ang tumutuktok sa pintuan ng Kapatiran. Karamihan sa kanila ay matalino, marunong, taimtim ang pag-ibig sa inang bayan, maalab ang adhikaing mapaunlad ang ating lahi, at ang kapakanan at pagsulong ng bayan ay nasa rurok ng kanilang mga mithiin at pangarap.

Sinabi ng Napakarangal nating Kapatid Camilo Osias na ang Masoneriya ay nagtataglay ng mabubuting sangkap ng nasyonalismo, demokrasiya, internasyonalismo, at unibersalismo. Ito ay Kapatiran ng malalayang mga lalaki, maharlika wika nga, na pawang maka-bansa, nagpapahalaga sa demokrasiya, nauukol sa pangkalahatang-bansa, at sa unibersalismo. Ito ay samahan ng mga mapaghanap ng katotohanan at liwanag sa mga landas na nagkikintal ng ganitong mga gawi at hilig. Ito ay organisasyong naglalayon na pagyamanin at paunlarin ang mga katangian ng pag-uugali, na hinubog sa palihan ng banal at maka-Diyos na tuntunin sa isahan at sa samasamang pamumuhay.

*Mga Katangian ng Masoneriya*

May kinalaman ang Masoneriya sa paglinang sa katauhan at personalidad ng bawa't kasapi, upang sa ganoon ay maging mabuti siyang nilalang at makabuluhang mamamayan ng bansa. Bilang samahan, ang Masoneriya ay gumagalaw at nananatili sa buhay ng isang masiglang lipunan, kung saan ito natatag. Ang kasaysayan nito ay nag-uugat sa likas na sikolohiya at kalipunan ng mga kapaligiran, kung saan ito'y nagsimulang umiral. Ang Masoneriyang Pilipino ay lumalago sa larangan ng mga linggatong, gusot, pagkalito, at kaguluhan. Sa tindi ng sukdulang hirap at malupit na mga pagsubok, ang naunang mga Mason sa bansang ito ay pinapagdusa. Na-

**PA. BUENAVENTURA ... p. 3**

sina Crisanto de los Reyes at Maximo Inocencio, kapuwa mga kasapi sa isang lohiya sa Cavite, at Enrique Paraiso ng Lohiyang *Pandacan,* ay sama-samang inakusahan, nilitis at hinatulang "nagkasala ng pagsasabuwatan laban sa estado, at sa pagiging pasimuno sa pag-aalsa ng mga kawal sa Cavite" nuong 1872. Naisip marahil ni Arsobispo Nozaleda ang ganoong mga pangyayari at sa pangambang angkin ni Buenaventura ang mga potensiyal at hilig na maging paring rebolusyonario, ay iniutos na manatili siya sa *Paulist Seminary* sa Maynila bilang pagdisiplina sa nasabing pari.

---

pakarami ang nangasawi alang-alang sa taimtim nilang paniwala at matapat na mithiin para sa kabutihan ng sangkatauhan.

*Ang* nakatatanda nating mga kapatid ay nanguna at namuno upang ang ating bayan ay lubusang maging malaya. Dahilan sa di sila nasisiyahan sa hinalig at maka-aliping pamumuhay, ang karamihan sa kanila ay dinakip, binilanggo, itinapon o binitay. Ang dahilan ng lahat na iyon ay ang kanilang matibay na pagyakap sa banal na adhikaing maging ganap na malaya, magkapantay-pantay, at magmahalang magkakapatid na nilalang ng iisang Maykapal. Iyan ang mga katangiang sangkap, at tunay na kinakatawan ng Masoneriya sa daigdig na ito.

Tungkulin natin ngayon na pagyamanin ang mga itinuturo ng ating Kapatiran, at isalin at ipamana ang mga ito ng buong tingkad at linaw sa magsisisunod sa ating mga yapak.

* * *

Walang lakas si Buenaventura na suwayin ang utos, kung kaya binalangkas na lamang niya ang pagtakas. Hiniling niya isang araw at natamo ang pahintulot na makipagkita kay Nozaleda sa Palasyo ng Arsobispo. Pagkalabas sa kalye ay tuloy sakay sa isang karetelang padala ng kaniyang pamangkin, si Kap. Agramonte, at madaling nagtungo sa bahay ni Kap. Faustino Villaruel. Siya'y nagpagupit, hinubad ang sutana, at nagtago hanggang naikuha siya nina Kap. Villaruel, Ambrocio Flores, Ramon Padilla at Luis Javier ng pasaporte patungong Hongkong sakay ng *ss Sunkiang* nang mga huling araw ng Hulyo 1895. Dagdag pang pag-iingat, si Buenaventura ay nagpanggap na Macario Alcantara, isang kontratistang taga Maynila.

Ang desisyon niyang tumakas ay waring niloob ng Diyos. Nang sumunod na taon pagka-alis niya ay sumiklab ang digma. Ang dalawang tumulong sa kaniyang pagkatakas, Villaruel at Padilla, ay inaresto at binaril sa Bagumbayan, samantalang si Flores ay inaresto at nilitis. Kung hindi umalis si Buenaventura, malamang ay isa rin siya sa mga naging biktima ng mga Kastila sa paghahari ng takot upang sugpuin ang rebolusyon.

Dumating sa Hongkong si Buenaventura (Alcantara) noong Agosto 2, 1895 at natagpuan niya si Juan Castañeda, isa sa mga tinanggap niya sa Masoneriya. Silang dalawa ay tumira sa bahay ni Ildefonso Laurel. Nang bumisita sila kay Jose Ma. Basa isang gabi ay pinayuhan silang magtuloy sa Japan at sumama kina Jose A. Ramos, Isabelo Artacho, Bonifacio Arevalo at iba pa. Sinu-

nod ang mungkahi at lumulan sila sa *ss Natal.* Sa Yokohama ay sinalubong sila ni Artacho at hinatid sa bahay ni Ramos, kung saan sila tumira. Nagkaroon sila ng hidwaan ni Ramos ukol sa pananalapi at lumipat siya sa bahay ni Carlos Meliton, isang guro mula sa San Miguel de Mayumo. Nang sumiklab ang digma ay bumalik sila sa Hongkong. Samantala, dahil sa paghihikahos si Castañeda ay nagbalik sa Pilipinas at madali siyang naaresto. Pagkaraan ng isang malabong paglilitis siya ay ipinatapon.

Sa Hongkong, si Buenaventura ay nagpatuloy sa masiglang buhay ng isang Mason. Ang mga rekord ng Lohiyang *Vanguardia* ay nagsaad na isang "Macario Alcantara," ang pangalang pinanggap ni Buenaventura, ang humawak sa tungkuling Ikalawang Taliba (Junior Warden) ng lohiya nang si Mariano Marti Burgos ang Marangal na Guro. Ang pangalan niya ay nakatala rin bilang kasapi ng Komite Sentral Filipino sa Hongkong, na itinatag at nanungkulan sa bisa ng Artikulo 31 ng dekretong nilagdaan ni Hen. Aguinaldo sa Kawit nuong Hunyo 23, 1898. Masasabi rin na ang Lohiyang *Vanguardia* ay inorganisa sa Hongkong ni Kap. Jose A. Ramos at mga iba pa sa ilalim ng kapangyarihan ng Lohiyang *Walana* sa Maynila. Ang lohiyang nasabi ay naging lubos na aktibo at kabilang sa mga miyembro doon ay ilan sa mga tanyag na Pilipinong nanirahan sa Hongkong, kasama si Jose Ma. Basa.

Nang manumbalik ang kapayapaan sa ating bansa, si Pa. Buenaventura ay nagbalik sa Pilipinas at naglingkod na muli sa simbahan. Napabayaan na niya ang Masoneriya.

Sanhi marahil sa panibagong pamumuhay eklesyastika, sa gulang na 72ng taon ay naging matamlay sa pagsagot si Pa. Buenaventura sa mga panayam ni Kap. Artigas hinggil sa buhay niya bilang Mason. Ganoon pa man, ang isa sa kaniyang mga kaakbay, si Hen. Pantaleon Garcia, ay nagpanukala na hindi nagtakwil si Pa. Buenaventura sa kaniyang mga prinsipiyo at mga paniwala. Maaaring sumakabilang-buhay siya na ang pagiging Mason ay taimtim sa puso.

**Ang balangkas ng bagong templong ginagawa ay nakatiwangwang; at sumasamo sa bawa't Kapatid ng ambag niya upang tuluyang maitayo ang dambana ng ating Kapatiran.**

# MGA KURU-KURO UKOL SA PAMBANSANG WIKA

1. Ang bansang patuloy sa paggamit ng wikang hiram ay hindi magiging lubos na malaya. Karaniwang ipinipilit ng nanakop na bansa ang wika nito sa bansang sinakop, kaya't ang pamamalagi ng salitang dayo bilang wikang opisyal ay katumbas ng patuloy na pagka-alipin.

2. Ang paggamit ng salitang dayo bilang wikang opisyal ay labag sa kapakanan ng madlang mamamayan. Hindi nila maunawa ang mga batas at kautusan, na mga dayuhan pa ang higit na nakababatid.

3. Isang kamalian na aralin muna ang wikang banyaga ng ating kabataan bago sila tuluyang makapagtamo ng dunong. Marami sa kanila ay mawawalay ang damdamin sa tunay na kapakanan ng tinubuang-bansa at mga kalahi, at magiging tagapaglingkod lamang sa pangangalakal ng ibang bansa.

4. Sa sariling wika ay mapagyayaman ang likas nating mga kuru-kuro at katalinuhan. Sa salitang banyaga ay maghihintay lang tayo ng mga naluma nang kaalaman mula sa ibang bansa, at tayo'y patuloy na gagapang sa likod ng mabilis na pag-unlad ng daigdig. Ayon sa kasaysayan, lahat ng mauunlad na mga bansa ay katutubong wika nila ang ginagamit.

5. Ang tinuklas na mga kaalaman mula sa ibang lupa ay hindi ibabahagi sa atin kungdi kapag ang mga ito ay lumang-luma na — at pantapon na marahil — nguni't babayaran pa rin natin ng napakamahal. Higit nating pakikinabangan ang karunungang inangkat kung masalin ito sa sariling wika.

6. Ang dunong na natamo sa pamamagitan ng sariling wika ay lumalago habang nagtatagal. Ang kaalamang tuklas sa wikang hiram ay madaling malimot; at kinakailangan pang gumugol ng yaman upang magdalubhasa ang ating mga anak sa ibang bansa.

7. Sa paggamit ng sariling wika lamang malulubos ang pag-unlad ng ating kultura, maipakikilala ang karunungan ng ating lahi, at mapalalakas ang isipang Pilipino upang mahadlangan ang pananaig ng isipang banyaga.

8. Sa sariling wika, ang mga mamamayan ay madaling magkakaisa bilang lahi. Dapat pag-isahin ng pamahalaan ang mga pangunahing salita natin upang bumuo ng isa lamang lantay ay mayamang wikang pambansa; at ito ang ituro sa ating mga paaralan.

9. Nagiging maalindog ang mga katangian ng bansa sa paggamit nito ng sariling wika; at dapat ipagmalaki ng bawa't mamamayan ang mga katangian ng kanyang bansa, at ang kanyang wika.

10. Ang wika ay paghahayag sa diwa ng isang lahi. Ang bansang walang sariling wika ay bansang walang diwa.

I.P.G.

MANILA
X. 30.80 p.m.
PHILIPPINES

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
₱ 0.50
POSTAGE
Nr.B137

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
₱ 0.30
POSTAGE
Nr.B137

~~4310 PINE~~ AVE, ZION
ILLINOIS, 60099

Mr. Esteban Rodriguez Jr. 69
4432 Pine Street
Zion, Illinois 60099

MANILA
III. 4.81 p.m.
PHILIPPINES

ROD 32 2R1716N1 07/17/81
RETURN TO SENDER
NOT DELIVERABLE AS ADDRESSED
UNABLE TO FORWARD

**TO POSTMASTER: If undelivered, please return to**

# The Cabletow

Suite 12, Plaridel Masonic Temple
1440 San Marcelino, Manila D-2801

---

Re-entered as second class mail matter at the
Manila Post Office on June 16, 1962

**IMPORTANT! Readers are requested to send address changes and corrections to us to insure prompt delivery of the THE CABLETOW.**